REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-18

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA MAKIPAGNEGOSASYON AT PUMASOK SA ISANG KASUNDUANG LILIKHA NG PAMBAYANG PAGKAKAUTANG SA PHILIPPINE NATIONAL BANK (PNB) NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) AT SA LAND BANK OF THE PHILIPPINES (LBP) NG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) RIN.**

****************************************************************

**Ipinanukala ni : Kon. Roger C. Smith**

****************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatakda ng Republic Act No.7160 o ang bagong Local Government Code partikular na ang seksyon 447 (2) (iii), ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihan sa pamamagitan ng Punongbayan na pumasok sa isang kasunduang lilikha ng pambayang pagkakautang o pananagutan;

**SAPAGKAT,** isinasaad din sa naturang batas sa ilalim ng probisyon ng Seksyon 297 na ang pamahalaang lokal ay maaaring umutang sa mga institusyong pinansyal pribado man o pambayan upang tustusan ang mga pagpapagawa, operasyon, pagpapalawak, pagmimintina, ng mga pampublikong pasilidad, inprastruktura, proyektong pabahay, pagbili ng di natitinag na ari-arian at iba pang pamumuhunang proyektong pangkapital;

**SAPAGKAT,** upang matugunan di lamang ang mga pangunahing serbisyo na isinasaad sa Seksyon 17 ng nabanggit na Koda, nararapat lamang na ang pamahalaang bayan ay maglaan ng gugulin para sa mga panggipit na pangangailangan;

**SAPAGKAT,** ang mga institusyong pinansyal na sangay ng pamahalaang nasyonal tulad ng PNB at LBP ay pinahihintulutang magpautang sa mga lokal na pamahalaan para sa mga hakbanging isinaad sa itaas;

**SAPAGKAT,** binigyang diin din ng mga alituntuning magpapatupad ng bagong Lokal na Koda ( Implementing Rules and Guidelines of the New Local Government Code, Article 394 b) na para sa ikatatatag ng pananalapi ng alinmang pamahalaang lokal maaaring magkaroon ang mga ito ng utang sa mga pribado o pambayang bangko;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye na makipagnegosasyon at pumasok sa isang kasunduang lilikha ng pambayang pagkakautang sa Philippine National Bank (PNB) na nagkakahalaga ng Dalawang Milyong Piso (P2,000,000.00.) at sa Land Bank of the Philippines (LBP) ng Dalawang Milyong Piso (P2,000,000.00) rin.

**PINAGTIBAY NG NAKARARAMING** kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap noong ika-8 ng Oktubre, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**
(Di Sumang-ayon)

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**
(Di Sumang-ayon)

**KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ**
**Konsehal**
(Di Sumang-ayon)

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.**
**Konsehal**
(Hindi nakilahok)

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Konsehal**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**
(Di Sumang-ayon)

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**